# SI JUAN TAMAD AT ANG UGALING PILIPINO

*by:*
**Adam Helson G. Elardo**
*Teacher III, St. Francis National High School*

Umano'y may isang kuwento. May isang lalaki raw ang nagngangalang Juan. Minsa'y may nakita siyang bunga ng bayabas, pero imbis na ito'y kanyang pitasin ay napagdesisyunan nya na lang mahiga sa ilalim ng nasabing puno, ngumanga, at hintaying bumagsak sa bibig nya ang bunga nito. Minsan pa'y inutusan siya ng kanyang ina na mamimili ng alimango. Nang makabili na'y dahil sa katamaran ay pinaunang pauwiin ang mga nabiling alimango.

Siya ay binansagang Juan Tamad.

Ang kuwentong-bayang ito ay nagpasalin-salin sa maraming henerasyon lalo na sa rehiyong katagalugan. Ito ay kuwentong nagpapamukha ng ugaling katamaran at mahinang-pag-iisip.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Magkagayon, kung ang panitikan ay salamin ng panahon at henerasyon kung kailan at saan ito isinilang, masasabi bang Juan Tamad ang mga Pilipino? Bago natin ito sagutin, mabuting alamin muna natin ang pinagmulan ideyang tamad ang mga Pilipino. Sino ba ang unang nagbansag sa atin na tamad ang mga Pilipino?

Mauugat ito sa ating kasaysayan. Isinulat ng Pambansang Bayaning si Rizal ang kanyang tugon hinggil sa akusasyong katamaran ng mga Indio noong panahon ng Espanyol na nakasaad sa kanyang akda na pinamagatang La Indolencia de los Filipinos na may saling Hinggil sa Katamaran ng mga Pilipino, isang sanaysay na inilathala ng La Solidaridad sa Madrid noong 1890. Mabubuod sa nasabing sanaysay na tamad ang mga Pilipino, ngunit dahil dala ng iba't ibang mga salik at dahilan. Ayon sa kanya, likas

talagang masisipag ang mga Pilipino, masasalamin ito sa mayamang agrikultura at kalakalan noong panahon ng katutubo. Ngunit dahil sa pang-aabuso ng kapangyarihan, diskriminasyon, sistema ng pamahalaan, korapsyon at maling doktrina ng simbahan noong panahon ng Espanyol ay nagsilang ito ng ugaling katamaran ng mga Pilipino. Sinabi ni Rizal na ang kalayaan at edukasyon ang mabisang gamot sa sakit na ito ng lipunan.

Ngayong malaya na ang bansa mula sa pananakop ng dayuhang lahi. Ngayong sinisikap ng pamahalaan na magkaroon ng libreng edukasyon para sa lahat. Masasabi bang nagamot na ang sakit na katamaran ng mga Pilipino?

Ayon sa datos sa Labor Force Survey ng Philippine Statistics Authority noong 2023, 3.6% o humigit-kumulang 1.83 milyong Pilipino ang walang trabaho. Bumaba man kumpara sa mga nagdaang taon, malaki pa rin ang bilang na ito na dapat matugunan. Ngunit ang mga tala na ito ay hindi repleksyon ng ugali ng mga Pilipino. Hindi ibig sabihin na walang trabaho ang isang tao'y pinili niya ang ganoong sitwasyon sapagkat maraming salik ang dapat isinasaalang-alang gaya ng labor force, populasyon, inflation rate, gross domestic product, at gross domestic income (Urrutia & Tampis, 2017), at maging ng age dependency ratio (Resurrecion, 2014). Anong implikasyon nito? Malalagom na hindi lang personal na dahilan ang salik ng pagkakaroon ng kawalan ng trabaho sa Pilipinas kundi mga eksternal. Mga bagay na hindi kontrolado ng isang indibidwal.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isa pang ugaling Pilipinong kaakibat ng katamaran ay na tinatawag na mañana habit o "bukas na" (Procrastination). Ito ang ugaling pagsasamamaya o pagsasabukas ng mga bagay na maaring namang gawin ngayon. Sa unang isip, may negatibo itong konotasyon dahil ito ay nagreresulta ng pagtagal ng paggawa na maaring magbunga sa paglala pa ng sitwasyon. Ngunit ayon kay Quito (1994) sa kanyang arikulong pinamagatang The Ambivalence of Filipino Traits and Values, kung saan inisa-isa niya ang positibo at negatibong naidudulot ng iba't ibang ugaling Pilipino. Ani nya, may maganda ring naidudulot sa mentalidad ng isang tao ang "pagsasamamaya na" ng mga

gawain. Nakatutulong ito upang mabawasan ang stress o tensyon ng indibiduwal. Hindi naman ibig sabihin na hindi na gagawin ang isang bagay, lamang ay makatutulong na hindi biglain ang paggawa sa maraming bagay upang may panahon sa pagpapahinga ng isip at katawan. Sa katanuyan, ayon sa isang pag-aaral noong 2021 sa Amerika ay sinasabing nakatutulong pa nga na maging pokus ang isang tao na matapos ang isang gawain kung may sapat siyang pahinga.

Sabi nga ni Maningas (1993), dahil sa dalawa lamang ang panahon sa Pilipinas, may inklinasyon tayong "hindi magsipag" dahil sa may mahabang panahon tayong makapagtanim ng ating makakain. Hindi gaya ng ibang bansa sa kanluran na dahil sa kanilang klima ay kinakailangan nilang magsipag upang makapag-impok ng maraming pagkain para sa panahon ng taglamig.

Anong mahihinuha sa ugaling katamaran ng mga Pilipino batay sa mga nabasang pahayag? Na hindi likas na tamad ang mga Pilipino. Na ang sinasabing katamaran ng mga Pilipino ay bunga lamang ng mga eksternal na dahilang hindi kontrol ng isang indibidwal.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa katunayan, masasalamin sa ating mga panitikan at kultura ang kasipagan nating mga Pilipino. Kahit hindi biro at maghapong nakayuko'y patuloy pa rin tayo sa pagtatanim sa awiting-bayang "Kay Pagkasawingpalad". Kaya nga kalabaw ang ating pambansang hayop na syang simbolo ng katatagan at kasipagan nating mga Pilipino. Ang sipag at tiyaga rin ang ugaling masasalamin sa isang Pilipinong tauhan na si Kabesang Tales mula sa nobelang El Filibuterismo ni Rizal. Bahagi ng ating kultura ang "bayanihan" na s'yang kapatid ng "kasipagan".

Muling balikan natin ang tanong kanina, kung ang panitikan ay salamin ng panahon at henerasyon kung kailan at saan ito isinilang, masasabi bang Juan Tamad ang mga Pilipino? Subhektibo ang bagay na ito. Tandaan na ang unang tumawag sa ating mga "tamad" ay ang mga dayuhan noong lumamg panahon ngunit ang totoo'y likas na

masisipag ang mga Pilipino. Bawat isa ay may kanya-kanyang pag-uugali at pamamaraan. Nagkakaiba-iba tayo ng paniniwala, perspektiba at pag-atake sa mga bagay-bagay. Maaring maging masipag ang isang taong tamad sa mata ng isang bulag sa sistema. Maaring ang estilo ng isang tao para harapin o gawin ang isang bagay ay katamaran sa mata ng isang mapanghusgang tao. Pero ang realidad, mula noon magpasahanggang ngayo'y masisipag tayong mga Pilipino! Marami lang ang nagiging biktima ng kawalan ng pag-asa at kawalan ng pagkakataon. Mistulang nakakahon sa pamantayan ng lipunan. Kaya hindi dapat maging repleksyon ang kuwento ni Juan Tamad ng ugaling Pilipino, bagkus isa itong paalala na huwag magpasakop sa maling sistema ng lipunang magpapatamad sa iyo.

*References:*

psa.gov.ph/statistics/labor-force-survey

Urrutia, J. D., Tampis, R. L., & Atienza, J. E.(2017, March). An Analysis on the Unemployment
Rate in the Philippines: A time searies Data Approach. In Journal of Physics: Conference Series (Vol. 820, No. 1, p. 012008). IOP Publishing.

Resurrecion, P.F. (2014). Linking unemployment of Inflation and Economic Growth: Toward a
Better Understanding of Unemployment in the Philippines. Asian Journal of Economic Modelling, 2(4), 156-168.

Quito, E. (1994). The Ambivalence of Filipino Traits and Values. Values in Philippine Culture and
Education, 7, 5.

integrisok.com/resources/on-your-health/2021/april/why-its-important-to-allow-yourself-to-rest

Maningas, I. (1993). Kasipagan, Pagkamakabayan, at Pagkamaka-Diyos: Implikasyon sa



depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Kaunlaran ng Bansang Filipinas. MALAY, 11(1)

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan